Ito ang pagkakataon na magtanong ka sa ibang taong nakakaalala sa isang napili mong mahalagang pangyayari sa iyong buhay.

1. Pumili ng isa mula sa tatlong mahahalagang pangyayaring iyong naisulat.
2. Pumili ng taong nakakaalam ng pangyayari iyong napili, maaring ang iyong magulang, lolo o lola, kapatid o kaibigan na may kaalaman tungkol sa napili mong pangyayari.
3. Tanungin mo ang taong iyong napili sa kanyang sariling bersyon ng pagkakaalala sa mahalagang pangyayaring iyong napili. Para makasigurado na nakukuha mo ang tamang bersyon, ay tanungin siya ng direkta tungkol sa pangyayari, halimbawa. “Nay, naalala mo pa po ba kung papaano kami naging magkaibigan ni Joy noong grade 5 pa kami? Maari mo po bang sabihin sa akin yaong bagay na naalala mo kung paano kami nagkakilala?”
 - Isulat ng maigi ang kaniyang mga tugon. Bigyang tuon ang mga bahagi ng kaniyang kuwento na kakaiba sa iyong sariling bersyon.
 - Huwag kalimutang magpasalamat sa taong iyong kinapanayam upang matapos ang iyong proyekto.

Pangalan ng taong kinapanayam: _____

Relasyon sa taong kinapanayam: _____

Napiling pangyayari mula sa “Snapshot AutoBiography” para sa gagawing pagpapatunay
(corroboration/cross checking) sa pangyayari:

➤ Mga naitalang tugon:

➤ Mga magkakatugmang salaysay mula sa sarling bersyon at mula sa tugon:

➤ Mga magkakaibang salaysay mula sa sarling bersyon at mula sa tugon:

Evaluating Sources

KAGAMITAN

- Evaluating Sources Worksheet

PLANO NG PAGTUTURO

Panimula: *Batay sa mga araling **Lunchroom Fight at Snapshots Autobiography**, kadalasan ang mga tao ay may iba't ibang perspektibo at pagkaka-alala sa mga pangyayari sa kasaysayan. Karaniwan ang mga historyador ay madalas na nahaharap kung sino ang dapat na paniwalaan? O kung sino ang mas higit na nagsasabi ng katotohanan?*

Pagpapangkat ng mga mag-aaral at ipamimigay ang sagutang papel. Kinakailangang masagot ang lahat ng katanungan.

Malayang Talakayan: Balik-aralan ang mga kasagutan ng mga mag-aaral.

Paalala: Ang mga kasagutan ay maaring magmula sa iba't ibang batayan sapagkat ang mga pangkasaysayang pag-unawa ay nagkakaiba batay sa manunulat nito. Ang mga bata ay bibigyan lamang ng isang batayan, subalit kinakailangan din niyang sulyapan ang iba pang isinasaad sa iba pang aklat upang mapatunayan ang isinasaad ng ebidensyang ginamit upang masagot ang katanungan sa kasaysayan.

Worksheet- "Evaluating Sources"

Pangalan:_____

1. Historical Question: Kailan ang petsa ng pagdating ni Ferdinand Magellan sa Pilipinas?

Unang Batis: Kopya ng tala ni Pigaffeta

Ikalawang Batis: History of the Filipino People ni Teodoro A. Agoncillo

Alin ang mas makatotohanan? Bakit?

2. Historical Question: Tunay nga bang nanalo sa halalan si Presidente Gloria Macapagal Arroyo noong 2014?

Unang Batis: Bahagi ng "Hello Garci" Tape

Ikalawang Batis: *video* ng paghingì ng tawad ni Presidente Gloria Macapagal Arroyo

Alin ang mas makatotohanan? Bakit?

Kopya ng Dokumento:

1. Kailan ang petsa ng pagdating ni Ferdinand Magellan sa Pilipinas?

Unang Dokumento: *Pigaffeta: First Voyage Around the World by Magellan, 1874 (bahagi)*

- At dawn on Saturday, March 16, 1521, we came upon a highland at a distance of three hundred leguas from the island of Latroni an island name Zamal [i.e. Samar]

Ikalawang Dokumento: *A Short History of the Philippines, 1975* ni **Teodoro A. Agoncillo**

- On March 17, 1521, the expedition reached Samar, marking the arrival of the first Spaniards in the Philippines. (March 16b according to Pigafetta, but he did not know about the International dateline. He should have added one day upon crossing the line)

PANIMULANG ARALIN: “Make Your Case!”

MGA KAGAMITAN

- Pupil’s Handout – Make Your Case!

PAGHAHANAY SA BATAYANG KASANAYAN SA KURIKULUM

Pagsusuri at interpretasyon ng impormasyon:1-14 (pahina 7 ng 120, K-12)

PLANO NG PAGTUTURO

Panimula

Ipaliliwanag sa mga mag-aaral na ang gawaing ito (*corroboration*) ay pagtitimbang at pag-aanalisa sa mga ebidensya upang ito ay maging katanggap-tanggap at makatutuhanan. Kung mayroong nakalap na iba’t ibang ebidesya subalit may iisang tugon, masasabing mas malakas ang mabubuong kaso, subalit sa ganitong pangyayari ay maaring magkulang o magkamali ang iyong paghihinuha.

Sa ganitong pagkakataon isinasagawa ng mga historyador ang ***corroboration*** upang malaman nila ang tunay na pangyayari sa kasaysayan. Patuloy silang nangangalap ng ebidensyang magpapatunay sa kanilang hinuha, subalit kung nagiging limitado ang isinasaad ng nasabing ebidensya ay muli silang maghahanap ng iba pang interpretasyon at pagpapaliwanag.

Nang dahil sa ang kahalagahan ng **corroboration** ay mapatatag ang argumento ng isang hinuha, sa ganitong paraan ay kinakailangan ding isagawa ang tinatawag na **sourcing** o pagkilala sa taong naging saksi sa pangyayari. Isinasagawa ito sa kadahilanang (1) nais mong ang bawat ebidensya ay kapanipaniwala at (2) nais mong malaman kung ang dalawang taong may magkaibang perspektibo o pananaw ay nagkakaroon ng pagkakasundo sa isang bagay tungkol sa isang pangyayari.

Pagpapamahagi ng mga “*Make Your Case! Handouts*”

Sasagutin ng mga mag-aaral ito nang magkakaparis.

Pagpapaalala sa mga isyung dapat talakayin:

- A. Parehong ebidensya ang nagsasabing kumain sa Jollibee ang Team Eagles nang maganap ang pagsira sa *locker room* ng Team Tamaraw.
- B. Ang ebidensya B ay mas malakas sapagkat ang testigong ito ay mula sa grupo ng Team Tamaraw, at masasabing walang personal na motibo upang kampiyan ang Team Eagle.

Worksheet "Make Your Case!"

Pangalan: _____

Petsa: _____

Panuto:

Batay sa pangyayaring inilahad ipaliwanag kung papaano natitimbang at naipaghahambing ang mga ebidensya. Pagkatapos ay pumili ng isang ebidensya na sa palagay mo na iyong magagamit upang mas maging malakas ang iyong kaso.

Sitwasyon:

Isang hapon bago maganap ang pinaka huling laban ng basketball game sa inyong sports fest, sa pagitan ng iyong team-Team Eagle at ang inyong kalaban na Team Tamaraw ay may naganap na paninira sa *locker room* ng Team Tamaraw, naniniwala silang ang sumira ng nasabing *locker room* ay ang inyong grupo, subalit batay sa pagsasalaysay ng Team Eagle ay lumabas sila para kumain sa Jollibee nang maganap ang nasabing pangyayari. Narito pa ang iba pang salaysay:

Salaysay A:

Batay sa Ate ng *captain ball* ng Team Eagle ay sinamahan niya ang buong grupo patungong Jollibee para kumain.

Salaysay B

Batay sa *point guard* ng Team Tamaraw, nakita niya ang buong Team Eagle na kumakain sa Jollibee nang maganap ang paninira sa lockerroom.

Mga Katanungan:

1. Papaano nagkakatugma sa salaysay ng Team Eagle ang kasgutan ng dalawang saksi?

2. Alin sa dalawang salaysay ang sa tingin mong makatutulong saiyo sa paglutas ng kaso? Bakit?

PANIMULANG ARALIN: “LUNCHROOM FIGHT II”

MGA KAGAMITAN

- Pupil’s Handout- Mga Ebidensya: “Lunchroom Fight”
- Pupil’s Handout- *Evidence Context Handout*
- Pupil’s Handout- Kopya ng Suspensiyon

PAGHAHANAY SA BATAYANG KASANAYAN SA KURIKULUM

Pagsusuri at interpretasyon ng impormasyon:1-14 (pahina 7 ng 120, K-12)

PLANO NG PAGTUTURO

Panimula

Muling babalikan ang pangyayari sa unang aralin - “Lunchroom Fight”

Noong talakayin natin ang unang aralin tungkol sa “Lunchroom Fight”, tayo ay nakatuon sa kung sino at anong uri ng tao ang naging saksi sa kaganapan (sourcing). Napag-isip tayo na bakit nagkakaroon ng pagkakataon na nagiging magka-iba ng bersyon ng mga kuwento kahit iisa ang nasaksihang kaganapan, subalit maituturing nating walang sino man sa kanila ang hindi nagssabi ng katotohanan, sa ganitong pagkakataon, kailangang ikonsidera na ang isang salaysay ay mas kapani-paniwala kaysa sa isa.

Ngayon ay makatatanggap kayo ng iba’t ibang ebidensya mula sa mga saksi at mga taong may kaugnayan sa pangyayaring naganap. Ang iyong

*gawain ay alamin kung sino ang karapat-dapat na sususpendihin dahil sa pagpapasimula ng gulo. Upang maisagawa ito ay kinalailangang isagawa ang mga sumusunod na hakbang (1) **sourcing**, (2) **contextualizing**, at (3) **corroborating**. Sa pagsasagawa ng **Sourcing** ay kinakailangang kilalanin kung sino at ano ang pagkatao ng saksi, ano ang kinalaman niya sa mga nasangkot at sa mismong kaguluhan. Sa pagsasagawa naman ng **Contextualization** ay kinakailangang alamin mo kung ano ang iba pang mga kaganapan noon sa lugar na pinangyarihan. At ang para sa pinaka huling proseso ang **Corroborating** ay kinakailangang timbangin at isagawa ang “cross examination” ng mga ebidensyang nakalap mula sa mga saksi sa pamamagitan ng pagbibigay tuon sa mga pagkakapareho at pagkakaiba-iba ng mga salaysay ng bawat isa tungkol sa pangyayari, upang mapagtibay ang magiging hinuha sa kaso.*

Pagbabahagi ng mga *handout*

Ipaliwanag:

Ihanay sa tamang konsepto ng lugar ng pangyayari ang mga ebidensya, halimbawa kung ito ay naganap sa kanilang baranggay, paaralan o sa kantina. Isulat ito sa unang hanay.

Balik-tanawan ang maaring maging kasagutan ng mga mag-aaral:

(a) Unang Pangkat: Baranggay

- Tinaggal sa trabaho ng ama ni Justine ang mga magulang ni Max.
- Ang paktorya ay unti-unti ng nalulugi.
- Tinutulungan ni Max ang mga mas nakakabata at tumutulong siya sa kanilang simabahan
- Si Justin ay palagiang gumagala.

(2) Ikalawang Pangkat: Paaralan

- Si Justin ay bago sa paaralan at mahiyain.
- Kilala si Max sa paaralan, subalit kamakailan lang ay naging malulungkutin at naging mapag-isa.
- Inaasar ni Max at ng kanyang mga kaibigan si Justin sa labas ng sliid-aralan, at siya'y tinititigan nila ng masama noong oras ng *English*.
- Mayroong tensyon sa paaralan dahil sa resulta ng pagtatanggal ng mga empleyado ng paktorya.

(3) Ikatlong Pangkat: Kantina

- Naganap ang pag-aaway habang naka pila ang mga bata.
- Itinulak ni Max si Justin.
- Sinuntok ni Justin si Max.
- Si Max at ang kanyang mga kaibigan ay nagbibiruan.

Matapos na mailahad ng mga bata ang kanilang mga kasagutan ay tumungo sa ikalawa at ikatlong hanay. Talakayin ang kasagutan ng mga mag-aaral

Ipatapos sa mag-aaral ang suspensiyon, gagawin ito ng indibidwal. Ipalahad sa mga bata ang kanilang naging desisyon at hikayatin silang gamitin ang mga katagang *sourcing*, *corroborating*, *contextualizing*, ebidensya, kapani-paniwa, atbp.

Ipaliwag sa mga mag-aaral na ang isinagang ito ay ang magiging basehan ng pag-aanalisa ng mga primaryang batis o mga ebidensiya upang malaman ang tunay na pangyayari sa kasaysayan.

Worksheet - "LUNCHROOM FIGHT": MGA EBIDENSIYA

Pangalan: _____

Petsa: _____

Pangunahing Impormasyon:

Ikaw ang punong-guro na nagnanais na malaman ang tunay na pangyayari sa kaguluhang naganap sa kantina. Ang away ay sa pagitan ng dalawang mag-aaral na sina Justin at Max. Si Justin ay isang bagong lipat na mag-aaral. Siya ay tahimik at mahiyain at wala pang masyadong kaibigan. Siya ay lumipat sa barangay dalawang buwan pa lamang ang nakalilipas sapagkat ang kanyang ama ay nabigyan ng trabaho bilang "manager" ng paktorya. Dahil sa naging kalugian sa paktorya ay nagtanggag ng mga empleyado ang ama ni Justin at kasama sa mga natanggag ang mga magulang ni Max. Si max ay kilalang mag-aaral bilang isang masiyahin at palakaibigang mag-aaral. Makalipas ang ilang linggo ay bigla siyang nagbago at naging malulungkutin at mapag-isa.

Mga Batis:

Justin: " Sinimulan ni Max ang lahat, Nakatayo lamang ako sa pila habang naghihintay na bayaran ang aking pagkain at bigla niya akong itinulak ng malakas, nang wala man lang dahilan. Bigla lang siyang nagwala sa harap ko. Hindi ko nga siya kilala, kakaiba talaga ang pakikitungo niya sa akin mula pa lamang nang pumasok ako sa paaralang ito."

Max: " Sira-ulo ang batang 'yan. Bigla siyang tumalikod at sinuntok akong bigla. Ako at ang mga kaibigan ko ay magkakasamang nagbibiruan habang nasa

pila, sinuntok niya ako nang walang dahilan. Siya ang nanggulo. Kahit itanong n'yo pa sa iba."

Eric (matalik na kaibigan ni Max): *"Siguradong yang bagong lipat na yan ang nagsimula ng gulo. Totoong bigla lang siyang umatake ng hindi namin namamalayan. May sumpong yan, at akala niya na mas magaling siya sa lahat ng nandirito dahil sa tatay niya."*

Anthony (nakatayo lamang sa lugar ng pangyayari): *"Medyo nasa hulihan ako ng pila, pero napansin kong masyadong maingay at nagbibiruan ang barkada nina Max. Hindi ko talaga marinig kung ano ang pinag-uusapan nila. Tapos bigla na lang nakita ko na inaawat at pinaghihiwalay sina Justin at Max".*

Megan (kasintahan ni Max): *"wala ako doon ng mangyari iyon, ang masasabi ko lang ay may talagang kakaiba sa pag-uugali ni Max kamakailan lang. Hindi ko alam kung ano ang problema, pero parang hindi na siya ang kakilala kong Max.*

Trabahador sa kantina: *"May mga batang nagtutulakan, sa palagay ko, aksidenteng naitulak yung bagong lipat na bata, at mali lang ang kayang pagkakaintindi sa pangyayari."*

Nanay ni Max: *"kahit kalian hindi magsisimula ng away si Max, napaka sweet n'yang bata. Alam kong nitong nakalipas ay hindi naging magaaan sa kanya ang pagkakatanggal namin ng papa n'ya sa trabaho, pero hindi niya magagawang magsimula ng away kahit kanino man. Siya ay tumutulong sa mas nakakabata sa*

kanya at tumutulong din siya sa aming simbahan. Puwede kayong magtanong sa aming lugar.”

Ama ni Justin: *“ Magagarantiyahan ko ng 100% na hindi kahit kalian man dadampian ni Justin ng kanyang kamay ang kahit sino man, huwag lamang siyang gagalitin. Maniwala kayo sa akin. Alam ko ito, sapagkat ilang beses na kaming nagpalipat-lipat ng lugar dahil sa aking trabaho, kung kaya’t nakalulungkot mang isipin, sanay na si Justin na maging laging bago. Lagi ko itong nasusubaybayan sa tuwing nakikita ko siyang nag-aadjust sa mga bago niyang paaralan. Sa simula ay tahimik lamang siya, pero kapag nagtagal ay nagiging maayos na siya at nasasanay. Kung kaya alam kong hindi siya magsisimula ng kahit anong gulo. Totoong hindi niya ito kinaugalian.*

Jamie (kaklase nina Justin at Max sa English bago ang oras ng lunchbreak):

“Wala ako sa kantina kanina, wala akong kaibigan sa kanilang dalawa, pero nakita ko si Max at ang mga kaibigan niya na hindi maganda ang ginagawa kay Justin habang hindi nakatingin ang aming guro sa English. Hindi nila siya kinakanti o nilalapitang pisikal pero nagbubulungan sila tapos bigla silang tumatawa ng malakas na nakatingin sa kanya. Sinasadya nilang maging inkomportable si Justin.”

Guro sa English: *“Sa totoo lang, hindi na ako nagtataakang nangyari ito. Ang dami ng naging tensyon sa paaralang ito at sa barangay na ito dahil sa reorganisasyon sa pabrika. Maraming tao ang nagalit dahil sa desisyon ng namamahala na magtanggali ng mga manggagawa, ako nga mismo ay nagtaka*

din kung bakit nila ito ginawa. Talagang problema ang dinulot nito sa buong komunidad , at naaawa ako sa inyo mga bata.”

Worksheet- "LUNCHROOM FIGHT": EVIDENCE CONTEXT

Pangalan: _____

Petsa: _____

Panuto:

Gamitin ang mga ebidensiyang ginamit sa Lunchroom Fight sa pagkumpleto ng talahanayang ito. Ang bawat hanay ay kinakailangang nagsasaad ng dalawang (2) ebidensya.

Konteksto sa Baranggay: Ano ang pangyayaring naganap sa baranggay na maaring makapagpaliwanag kung bakit naganap ang pag-aaway?	Sino ang nagsabi nito?	Ipaliwanag kung katanggap-tanggap ba ang batis na ito? Bakit?

Konteksto sa Paaralan: Ano ang nangyayaring nagaganap sa paaralan? (hal. ang pangyayari sa <i>English class</i>)	Sino ang nagsabi nito?	Ipaliwanag kung katanggap-tanggap ba ang batis na ito? Bakit?

Konteksto sa Kantina: Ano ang pangyayaring naganap sa kantina?	Sino ang nagsabi nito?	Ipaliwanag kung katanggap-tanggap ba ang batis na ito? Bakit?

Worksheet- "LUNCHROOM FIGHT":

Pangalan: _____

Petsa: _____

SUSPENSION REPORT

(1) Ano ang nangyari sa kantina? (Isulat ang mga pinagmulan ng mga impormasyon)

(2) Sa aking pagdedesisyon, ang mga susmusunod na mga mag-aaral na nararapat na masuspende: _____

_____.

Ang mga kadahilanan ay ang mga susmusunod:

Lagda ng Punong-guro

Petsa

PAGKAMATAY NI BONIFACIO

CENTRAL HISTORICAL QUESTION:

Naging makatarungan ba ang paraan ng pagpatay ng mga kapwa Katipunero kay Andres Bonifacio bilang isang sakdal?

MGA KAGAMITAN

- Dokumento A- Pahayag ni Koronel Agapito Bonzon (Isa sa mga humuli kay Andres Bonifacio)
- Dokumento B- Pahayag ni Kapitan Mariano Salvador (tauhan ni Andres Bonifacio)
- Dokumento C- Liham ni Gregoria De Jesus kay Emilio Jacinto (Asawa ni Andres Bonifacio)

PAGHAHANAY SA BATAYANG KASANAYAN SA KURIKULUM

Pagsusuri at interpretasyon ng impormasyon:1-14 (pahina 7 ng 120, K-12);

Nahihinuha ang implikasyon ng kawalan ng pagkakaisa sa himagsikan/kilusan at pagbubuo ng Pilipinas bilang isang bansa : AP6PMK-Ic-5.4

PLANO NG PAGTUTURO

Panimula

Magulo ang naging resulta ng pagpupulong sa Tejeros na kung saan natanggal sa kanyang posisyon sa rebolusyon si Bonifacio at napalitan siya ni Emilio Aguinaldo. Dahil sa pang-iinsulto ni Daniel Tirona, dineklara ni Andres Bonifacio na walang bisa ang eleksyong ginanap sabay alis kasama ang mga kapanalig. Hindi malaman ng mga naiwan kung ano ang gagawin sa harap ng mainit na kalagayan sa pagitan ng mga panig ng Magdiwang at Magdalo. Dito nagsalita si Santiago Rillo de Leon, isa sa mga pinuno ng delegasyong Batangas, na kung hindi kayang ipatupad ng mga taga-Cavite ang napagkasunduan ay silang mga taga-Batangas ang magpapatupad! Dahil dito nagdesisyon si Aguinaldo at mga kasama at bumuo ng isang Consejo de Guerra at inakusahan si Andres Bonifacio at mga kapatid ng di-pagkilala sa kapangyarihan ng gobyerno revolucionario at senitensyahan ng kamatayan en absentia! Ang nasabing desisyon ay ipinatupad noong 23 ng Abril 1897

Ano ang sakdal laban kay Andres Bonifacio? Ang alam ng madla si Andres Bonifacio ay hinuli sa kanyang kampamento . Limbon Indang, dinala sa Naik at nilitis ng isang Consejo de Guerra at hinatulan ng kamatayan. Si Komandante Lazaro Makapagal ang umano'y inatasan na isakatuparan ang nasabing utos. Ani Komandante Makapagal nang basahin niya at marinig ni Andres Bonifacio and hatol na kamatayan ito'y “nagpaluhod-luhod, sinasabing

Kapatid patawarin mo ako.” Nang hindi aniya pakinggan ang pagmamakaawa ay tumakbo si Bonifacio at tinangkang tumakas. Dahil mahina na sanhi sa kanyang mga sugat, inabutan nila ito at noon din ay binaril at namatay.

Alamin natin kung totoo nga ang mga naging pahayag na ito mula sa.

Paglalabas ng Dokumento A- Pahayag ni Koronel Agapito Bonzon (isa sa mga kasama ni Komandante Lazaro Makapagal na naatasang humuli sa supremo) mula sa *Trial Records*.

Ipakikita ito ng guro sa mula projector. (Ipaliliwanag sa mga bata na ang guro ang siyang magsasagawa upang ipakita ang paraan ng pagbasa ng dokumento).

Unang Pamamaraan: ***Sourcing***

- Sino ang may pahayag nito? Ano ang alam natin tungkol sa kanya?
- Saan nagmula ang dokumentong ito?
- Kailan ito naisulat?
- Ano sa inyong palagay ang pananaw ng nagpahayag nito tungkol sa tunay na pagkakadakilang/pagkamatay ni Bonifacio?
- Kapani-paniwala ba ito o Hindi? Bakit?

Ikalawang Pamamaraan: ***Contextualization***

- Ano ang nagaganap noon sa lugar na pinangyarihan batay sa pahayag?
- Ano ang dahilan ng pagpunta nina Makapagal at Bonzon sa kampamento ni Andres Bonifacio?

- Ano ang naging pahayag ni Bonzon tungkol sa naging reaksiyon ni Bonifacio matapos marinig ang paanyaya mula kay Makapagal?
- Bakit daw nila agad na binaril si Andres Bonifacio?
- Totooo kaya ang mga deklarasyon nina Makapagal at Bonzon? Bakit?

Paglalabas ang Dokumento B Pahayag ni Kapitan Mariano Salvador, isa sa mga tauhan ni Andres Bonifacio

(Ipaliliwanag sa mga mag-aaral na sila ay makikilahok sa pagsasagawa ng **sourcing** at **contextualization**)

Paglalabas ng Dokumento C Deklarasyon ni Gregoria De Jesus (Asawa ni Andres Bonifacio)

(Ipaliliwanag sa mga mag-aaral na sila lamang ang magsasagawa ng **sourcing** at **contextualization**. Isasagawa nila ito ng magkakapares)

Talakayan

Corroboration

- Matapos na masuri ang mga dokumento tungkol sa pagkamatay ni Andres Bonifacio ay muling beberipikahin ang mga ito sa pamamgitan ng mga sumusunod na katanungan:
 1. Nagkakaisa ba ang nilalaman ng mga dokumento?
 2. Nagsasaad ba ang mga ito ng pareho o magkakaibang pahayag?

Ipaliwanag.

3. Alin sa mga sumusunod ang higit na kapani-paniwalang dokumento tungkol sa pagkamatay ng Supremong si Andres Bonifacio? Bakit?

Kopya ng mga Dokumento

Dokumento A

“Nang kanyang (Lazaro Makapagal) makita ang nasabing Supremo, ginamitan niya ng matatamis na wika upang mapahinuhod sa maganda niyang anyaya, datapwa’t di rin po niya napalambot ang matigas na puso, na bukod sa pagtatanggong ito’y gumawi ng parang tunay na kaaway ito na ipinag-utos na bumaril ang mga kawal niya, na sinagot naman ng atin; kaya nga’t sinapit ang kahambal-hambal na pagkalat ng dugo na di sana nais na sapitin ang gayon, sa pagmamahal sa kapatid, ngunit sa pagganap ng kaniyang katungkulan, minarapat niya ang ganitong gawi.

- Koronel Agapito Bonzon (kasama ni Makapagal)
- Maguagui, April 28, 1879
- Trial Records

Dokumento B

“Kami’t pinagtalakupan at inabanse na, at binaril ng Koronel Intong ang Supremo at tinamaan sa brasong kanan at sa tiyan, ang ginawa nila’y sinaksak ng bukaweng matulis sa lalamunan ay siyang pagkabulagta sa tabi ng isang kanal...at ang G. Ciriaco pinagsabayan nilang binaril, na ang tama’y sa dibdib at sa ulo, at nahandusay sa gitna ng daan ng Barrio ng Limbon. “

- Kapitan Mariano Salvador, isa sa mga tauhan ni Andres Bonifacio, ay may pahayag din tungkol sa naganap sa kampamento ni Bonifacio sa Limbon, Indang, Cavite noong Abril 23, 1897
- Hango sa mga batis ni Teodoro Agoncillo –Revolt of the Masses (1930)

Dokumento C

“ ng magmamadaling araw ay paputok na ng paputok sila sa kabilang ibayo ang ginawa ko ay siyay (Andres Bonifacio) aking ginising, ng manaog na ay may nasalubong ng sundalo na ang sabi ay na nagkakagulo na ang tropang darating at sinabing malapit na po, kayat ng siya’y dumating ay nagsisi putok na ang karamihan at ginarillo nila kami, kaya ang utos niya(Andres Bonifacio) sa ating sundalo ay huag puputok ni isa at ang sigaw ng lahat nating kasamahang mga kapatid huag kayong puputok at magusap usap tayong mahusay kung ano ang inyong gusto hindi, inasikaso ang sigaw at nang nalalapit na ay siya (Andres Bonifacio) ang pinagsabayang binaril at ng matumba na ay sinaksak nila ng puñal at kinulata pa at ang aking bayaw na si Ciriaco ay hinawakan ng dalawa at binaril kaya nila napatay at si Prokopio ay ginapos at pinagsasaksak ng revolver ng matapus yaon ay isinakay sa duyan ang may sugat at pati ng mga gapos ay dinala nila sa bayan.....”

“kami ay pinagpasapasa mula sa Yndang hangang Marigondong tuloy ng Naik, ay mga kapatid! ng kami ay dumating sa bayang yaon ay itinuloy kami sa kuartel ng kalaban, ng kami ay dumating doon ay may dalawang oras kami sa pinto bago pinapasok at may isang oras sa puno ng hagdan, ng matapos yaon inaakyat kami sa itaas tuloy ng kosina sa lugar ng baño ng kura at doon

siya(Andres) kinulong na parang bartolina, na halos ayaw akong palapitin, ng magpipilit akong lumapit at akoy ibinilango sa isang kuarto at inilagay akong enkomunicado.....”

“Ng magtapos ang pag sumaria nila ay sinabi raw ni Capitang Emilio na pag dating ng 24 oras ay barilin, ni ayaw nilang pangatuiranin at ang hinihiling ni Padrino ay ayaw payagang lumabas.....”

“at akoy tumawid ng ibayo at aking hahanap ay nasalubong ko ang nangag hatid nadala ang papalimusan kong damit na siya kong ibinibihis pati kumot gamot sa katawan ng aking bayaw ng akoy itanong kung saan naroon ang kanilang dala ang sagot sa akin ay naroon sa Bondok sa isang bahay ng tiniente, itinanong ko kung bakit nila dala ang damit ang sagot ay ako na raw ang siyang bilang magdala, Ay mga kapatid! minulan kuna ang hanap sa pinajeruan sa akin ay natagpuan ko pag dating doon ay itinuro ako sa kabilang Bondok na labis ng taas ang inakyat ng kami ay dumating ay wala lakad na naman kami, ay mga kapd. may dalawang Linggo kong hinahanap sa Bundok na walang tigil kami kundi gabi, ng diko makita ay walang makapagsabi kami ay sumunod sa kanilang tropa at kahit ang aking pagtanungan sa kanila ay kung saansaan ako itinuturo magpahangang ngayon kaya lamang ako natuluyang ng paglabas ay ng nakausap ko ang aking amain na sinabi sa akin na tapat at siya pang nagpakain bago inaalis sa pinagtigilan nila, kaya isipin ninyo mga kapatid. kung katoiran o hindi ang kanilang ginagawa pag api sa amin”

- Liham ni Gregoria De Jesus kay Emilio Jacinto
- Hunyo, 1897

Worksheet – Sourcing, Contextualization, and Corroboration

PAGKAMATAY NI BONIFACIO

Layunin: Napatutunayan ang hinuha sa tunay na pangyayari sa pagkamatay ni Andres Bonifacio batay sa mga isinasaad ng mga primaryang batis.

Pangalan: _____

Gabay sa Pagtatanong

1. (*Sourcing*) Sino ang may pahayag? Naging makatarungan ba sa kanya ang paraan ng pagpatay kay Andres Bonifacio? Paano mo ito nasabi?

2. (*Contextualization*) Batay sa kanyang mga pahayag, ano ang mga kaganapan ng panahong iyon, noong 1897? Ano implikasyon ng pangyayari sa kanyang buhay? Magsabi ng ebidensiya mula sa dokumentong binasa.

3. Naniniwala ka ba sa kanyang mga pahayag? Magbigay ng isang dahilan kung bakit mo pinaninwalaan ang kanyang pahayag o kung bakit hindi?

4. (*Corroboration*) Papaano mo maikukumpara ang mga pahayag na ito sa nilalaman ng mga pahayag sa Dokumento A at B? Sa iyong palagay nagustuhan kaya ng ibang mga Katipunero ang paraan ng pagkakapatay kay Andres Bonifacio, o iisipin lamang nilang tama lamang iyon dahil hindi siya sumunod sa patakaran ng kanilang samahan?

Digmaang Pilipino-Amerikano

CENTRAL HISTORICAL QUESTION:

Ano ang mga dahilan ng mga Amerikano bakit labis silang naging brutal sa mga Pilipino noong panahon ng kanilang pananakop sa ilalim ng kanilang programang “Mapagkawangawang Paglagom o Benevolent Assimilation?”

MGA KAGAMITAN

- Dokumento Set A: Testimony mula sa pagdinig sa Senado (Pinaikli)
- Dokumento Set B: Liham ng isang sundalong Amerikano
- Dokumento C: Salaysay ng isang Pilipinong Historyador
- Dokumento D: Liham ni General J.M. Bell

PAGHAHANAY SA BATAYANG KASANAYAN SA KURIKULUM



1. Pagsusuri at interpretasyon ng impormasyon:1-14 (pahina 7 ng 120, K-12);
2. Nasusuri ang mga mahahalagang pangyayari sa pakikibaka ng mga Pilipino sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano: AP6MK-Ig 10

PLANO NG PAGTUTURO

Panimula

- Bibigyang tuon ang konsepto ng Mapagkawanggawang Paglagom o *Benevolent Assimilation* sa pamamagitan pagsusuri sa ilang editorial cartoon mula sa mga pahayagan sa Estados Unidos noong panahon ng kanilang panankop sa Pilipinas. Tutukuyin ang implikasyon nito batay sa sinabi ni Mc Kinley na napanaginipan niya si San Gabriel na inilahad sa kanya ang utos ng diyos: (mula sa Agos ng Dugong Kayumanggi, ni Jaime Veneracion)

“Huwag mong pabayaang ang Pilipinas na manatiling mangmang at disibilisado”



Ipaliliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang susunod na gawain.

Sa mga batayang aklat na ating nababasa sa ting kasaysayan, karaniwan na inilalahad na ang Pilipinas ay tinulungan ng mga Amerikano mula sa Estados Unidos upang makalaya ang bansa sa pananakop ng Espanya. Sila ang nabigay

ng pagkakataon sa lahat ng uri ng Pilipino, ano mang antas ng buhay nito, na magkaroon ng wastong edukasyon. Dagdag pa rito ay ang kanilang kabutihan na turuan ang mga Pilipino na matutong mamahala ng sariling gobyerno . Subalit sa mga nakalahad na ito sa ating kasaysayan, muli nating balikan ang mga pangyayaring dinanas ng maraming Pilipino sa kamay ng mga sundalong Amerikano upang maisagawa nila ang sinasabing naging ambag nila sa ating kasaysayan.

Paglalabas ng dokumento A-D

Sourcing / Contextualization

- Pagbasa at pagsusuri sa mga ebidensya

Paalala: Matapos na basahin ang mga sumusunod na mga ebidensya ay bumuo ng konklusyon kung bakit naging labis ang pagiging brutal ng mga sundalong Amerikano sa mga Pilipino noong panakon ng kanilang pananakop. Punuan ng kasagutan ang *graphic organizer* upang makabuo paglalagom at hinuha.

Pagsusuri sa mga larawan na nagpapakita ng kalunos-lunos na sinapit ng mga Pilipino sa mga Amerikanong sundalo.

Talakayan

Corroboration

Gamit ang nasagutang *graphic organizer* ay susuriin ang mga hinuha sa mga kasagutan kung bakit naging labis na naging brutal ang mga sundalong mga Amerikano sa mga Pilipino noong panahon ng kanilang pananakop.

Konklusyon:

Ano ang dahilan kung bakit labis na naging brutal ang mga sundalong Amerikano sa mga Pilipino noong panahon ng kanilang pananakop? Gumamit ng ebidensya para sa iyong kasagutan?

Kopya ng mga Dokumento

Dokumento Set A: Testimonya mula sa pagdinig sa Senado (Pinaikli)

Sa pagitan ng Enero at Hunyo 1902, ang senado sa Estados Unidos ay nagsagawa ng mga pagdinig tungkol sa digmaan ng mga Pilipino at Amerikano sa Pilipinas. Ang mga sumusunod ay mga bahagi ng mga pahayag sa pagdinig.

Testimonya ni Corporal Richard T. O'Brien

“ We entered the town. It was just daybreak. The first thing we saw was a boy coming down on a water buffalo, and the first sergeant . . . shot at the boy. . . . The boy jumped off the water buffalo and fled. . . . Everybody fired at him. . .

.That brought the people in the houses out, brought them to the doors and out into the street, and how the order started and who gave it I don't know, but the town was fired on. I saw an old fellow come to the door, and he looked out; he got a shot in the abdomen and fell to his knees and turned around and died. . . . After that two old men came out, hand in hand. I should think they were over 50 years old, probably between 50 and 70 years old. They had a white flag. They were shot down."

Testimonya ni Sergeant Riley

"Arriving at Igbaras at daylight, we found everything peaceful; but it shortly developed that we were really "treading on a volcano." The Presidente (or chief), the priest, and another leading man were assembled, and put on the rack of inquiry. The presidente evaded some questions, and was soon bound and given the "water cure". This was done by throwing him on his back beneath a tank of water and running a stream into his mouth, a man kneading his stomach meanwhile to prevent his drowning. The ordeal proved a tongue-loosener, and the crafty old fellow soon begged for mercy and made full confession. ... The presidente was asked for more information, and had to take a second dose of "water cure" before he would divulge."

Pinagmulan: Evidence of War Crimes. Liham ni Sergeant Riley noong November 1900.

Dokumento Set B: Liham ng isang sundalong Amerikano

Ito ang bahagi ng liham ni A. A. Barnes, isang Amerikanong sundalo, para sa kanyang lalaking kapatid noong March 20, 1899.

“ The town of Titatia was surrendered to us a few days ago and two companies occupy the same. Last night one of our boys was found shot and his stomach cut open. Immediately orders were received from Gen. Wheaton to burn the town and kill every native in sight, which was done to a finish. About 1,000 men, women, and children were reported killed. I am probably growing hard-hearted, for I am in my glory when I can sight my gun on some dark skin and pull the trigger. ”

Pinagmulan : A. A. Barnes, published by The Standard, Greensburg, Indiana, May 8, 1899.

Dokumento C: Salaysay ng isang Pilipinong Historyador

“The guerillas, in violation of [Philippine President Emilio] Aguinaldo’s orders and circulars, captured Americans with barbaric cruelty. Noses and ears were lopped off and the bleeding wounds seasoned with salt. In some cases, American prisoners were buried alive. Kicking, slapping, spitting at the faces of American prisoners were common, the hatred of the American being such that the guerillas

forgot or conveniently forgot Aguinaldo's injunctions regarding the good treatment to be accorded the prisoners."

Piangmulan: Salaysay mula sa isang Pilipinong Historyador na si Teodoro Agoncillo sa kanyang aklat na *Malolos: The Crisis of the Republic*, written in 1960.

Dokumento D: Mula sa liham ni General J.M. Bell, noong Disyembre 1901

"I am now assembling in the neighborhood of 2,500 men who will be used in columns of about fifty men each. I take so large a command for the purpose of thoroughly searching each ravine, valley and mountain peak for insurgents and for food, expecting to destroy everything I find outside of towns. All able bodied men will be killed or captured. ... These people need a thrashing to teach them some good common sense; and they should have it for the good of all concerned."

Worksheet- Corroboration**Digmaang Pilipino-Amerikano**

Layunin: Nahihinuha ang isinasaad ng mga ebidesyang magpapatunay sa mga pangyayari sa Digmaang Pilipino-Amerikano.

Pangalan: _____

	Unang Hinuha: Sumusunod lamang sa mga ipinag-uutos ang mga sundalong Amerikano kung kaya brutal nilang pinapatay ang mga Pilipinop.	Ikalawang Hinuha: Sadyang hindi makatao ang mga sundalong Amerikano sa mga Pilipino.	Ikatlong Hinuha: Gumaganti lamang ang mga Amerikanong sundalo sa mga ginagawa sa kanila ng mga Pilino.
Unang Ebidensiya	Pinagmulan: Pahayag:	Pinagmulan: Pahayag:	Pinagmulan: Pahayag:
Ikalawang Ebidensiya	Pinagmulan: Pahayag:	Pinagmulan: Pahayag:	Pinagmulan: Pahayag:
Batay sa mga ebidensiya, katanggap-tanggap ba ang isinasaad ng mga hinuha? Ipaliwanag.			

Worksheet- Close Reading**Digmaang Pilipino-Amerikano**

Layunin: Naipapahayag ang sariling saloobin tungkol sa mga pangyayari batay sa hinuhang nabuo mula sa mga primaryang batis.

Pangalan: _____

Hinuha: Ano sa iyong palagay ang dahilan nang labis na pagiging brutal ng mga sundalong Amerikano sa mga Pilipino noong panahon ng kanilang pananakop?

Appendix B – K-12 Curriculum

Mga Kakayahan

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Ang mga kakayahan ng bagong AP kurikulum ay nakaugat sa mga layunin ng batayang edukasyon: ang kapaki-pakinabang (functional) na literasi ng lahat; ang paglinang ng "functionally literate and developed Filipino," at ang pangmatagalang pagkatuto pagkatapos ng pormal na pag-aaral (lifelong learning). Makikita ang mga pangkalahatang layuning ito sa mga partikular na kakayahan ng AP katulad halimbawa, ng pagsisiyasat at pagsusuri. Samakatuwid, ang AP kurikulum ay di lamang base sa nilalaman (content-based) kundi rin sa mga kakayahan (competence-based). Sadyang inisa-isa ang mga kakayahan ng AP upang: (a) ipakita ang ugnayan nito sa mga layunin ng batayang edukasyon, at (b) bigyang diin ang mga mapanuring kakayahan na hindi maliliang sa pamamagitan ng pagsasaulo ng impormasyon.

Sa ibaba ang kabuuan ng mga pangkalahatang kakayahan sa AP kurikulum at sa bawat kakayahan, ang mga partikular na kasanayan. Magkakaugnay ang mga kakayahan at kapwa nagpapatibay ang mga ito sa isat isa. Nilalayong lihangin ang mga kakayahan sa depektibong pamamaraan na angkop sa bawat antas ng batayang edukasyon at sa proseso ng scaffolding, upang maitatag ang pundasyon ng mga kasanayan para sa mas malalim (at mas kompleks) na kakayahan.

Kakayahan	Partikular na Kasanayan
Pagsisiyasat	1. Natutukoy ang mga sanggunian o pinagmulan ng impormasyon 2. Nakagagamit ng mapa at atlas upang matukoy ang iba't ibang lugar, lokasyon at ibang impormasyong pangheograpiya 3. Nakagagamit ng mga kasangkapan teknikal upang makalikha o makahanap ng mga sanggunian ng impormasyon
Pagsusuri at interpretasyon ng datos	1. Nakababasa ng istatistikal na datos 2. Nakagagamit ng pamamaraan istatistikal o matematikal sa pagsuri ng kwantitatibong impormasyon at ng datos penomenong pang-ekonomiya 3. Nakababasa sa mapanuring pamamaraan upang maunawaan ang historikal na konteksto ng sanggunian at ang mobilo at pananaw ng may-akda
Pagsusuri at interpretasyon ng impormasyon	1. Nakaunawa ng kahulugan, uri at kahilagahan ng primaryang sanggunian at ang kaibahan nito sa sekundaryang sanggunian 2. Nakabubuo ng kamalayan sa mga pagpapahalaga, gawi at kaugalian ng panahon at nakikilala ang impormasyon pagkakaiba at/o pagkakatulad ng mga iyon sa kasalukuyan 3. Nakikilala ang historikal na perspektibo ng awtor o manlikha 4. Natutukoy ang pagkakaiba ng opinyon at fact 5. Nakatutara ng impormasyon sa pamamagitan ng pagkilala sa bias o punto de bista ng awtor/manlikha 6. Nakakukuhin ng datos mula sa iba't ibang primaryang sanggunian 7. Nakahihinuha mula sa datos o ebidensya 8. Nakapag-aayos at nakagagawa ng buod ng impormasyon—pangunahing katotohanan at ideya sa sariling salita 9. Nakaunawa ng ugnayang sanhi at epekto (cause and effect) 10. Nakapaghihambing ng impormasyon mula sa mga magkakaugnay na sanggunian at nakikilala ang mga punto ng pagkakasundo at di pagkakasundo 11. Nakabubuo ng interpretasyon tungkol sa magkakaiba at posibleng magkasalungat na paliwanag ng isang pangyayari 12. Nakapagbibigay ng historikal na kahilagahan sa mga tao, grupo, pangyayari, proseso o kilusan at institusyon 13. Napag-iisipan ang sariling ideya o pagtingin tungkol sa pineg-uusapan at mga natutuhan mula sa sanggunian 14. Nakapaghihambing ng sariling kaisipan sa kaisipan ng awtor/manlikha at napalihiwanag kung saan at bakit sumasang-ayon o hindi ang dalawang kaisipan 15. Nakaunawa ng papel at epekto ng heograpiya sa pagbabagong panlipunan at pangkalkasan

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Partikular na Kasanayan

Kakayahanan	
	16. Nakagagamit ng pamamaraang matematikal sa pag-unawa ng mga batayang konsepto ng Ekonomiks at sa pagsusuri ng kwantitatibong datos 17. Nakabubuo ng konklusyon base sa interpretasyon ng impormasyon
Pagsasaliksik	1. Nakasasagot ng tanong base sa angkop at sapat na ebidensiya 2. Nakapag-aayos ang resulta ng pagsasaliksik sa lohikal na paraan 3. Nakagagamit ng teknolohikal na instrumento sa pagsasaliksik, pagsusuri ng datos, pagsulat ng sanaysay o papel, at paghanda ng presentasyon ng pananaliksik
Komunikasyon	1. Nakapag-uugnay ng sari-saring impormasyon mula sa mga angkop na sanggunian 2. Naipakikilala ang sipi mula sa sanggunian at nagagamit ito nang tama 3. Naipararating sa malinaw at maayos na paraan ang sariling kaisipan tungkol sa kaganapan o isyung pinag-aaralan na pinatibay ng nararapat na ebidensiya o datos 4. Nakabubuo ng maikli ngunit malinaw na introduksyon at konklusyon kapag nagpapaliwanag 5. Nakasulat ng sanaysay (na may habang 3-5 pahina sa mataas na baitang) na nagpapaliwanag ng isang pangyayari, isyu o penomeno, gamit ang nararapat at sapat na impormasyon o ebidensiya sa angkop na pamamaraan
Pagtupad sa pamantayang pang-etika	1. Nakauunawa ng karapatan at tungkulin bilang mamamayan upang makalahok sa makabuluhang paraan sa buhay ng pamayanan, bansa at dagidig 2. Naigagalang at nabibigyang kahalagahan ang pagkakaiba ng mga tao, komunidad, kultura, at paniniwala, at ang kanilang karapatang pantao 3. Nagiging mairingat sa sariling naisin, paniniwala, punto de bista o posisyon 4. Nakapagpapakita ng pantay na pakikitungo at paggalang sa mga may ibang pag-iisip kahit hindi ito sumasang-ayon sa sariling ideya, posisyon o pagtutuin 5. Natutukoy ang sangguniang ginamit sa papel (reaksyon, maikling sanaysay) bilang pagkilala sa karapatan sa pag-aaring intelektuwal ng awtor/manlilikha

Pamantayan sa Programa (Core learning Area Standard):

Naipamamalas ang pag-unawa sa mga konsepto at isyung pangkasaysayan, pangheograpiya, pang-ekonomiya, pangkultura, pampamahalaan, pansibiko, at panlipunan gamit ang mga kasanayang nalinang sa pag-aaral ng iba't ibang disiplina at larangan ng araling panlipunan kabilang ang pananaliksik, pagsisyasat, mapanuring pag-iisip, matalinong pagpapasya, pagkamalikhain, pakikipagkapwa, likas-kayang paggamit ng pinagkukunang-yaman, pakikipagtatalsasan at pagpapalawak ng pandagdigang pananaw upang maging isang mapanuri, mapagnilay, mapanagutan, produktibo, makalikasan, makabansa at makatao na papanday sa kinabukasan ng mamamayan ng bansa at dagidig.

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Pamantayan sa Pagkatuto

Baitang	
4	Naipagamamalagi ang pagka-Pilipino at ang bansang Pilipinas na may pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng mga kulturang Pilipino batay sa paggamit ng mga kasanayan sa heograpiya, pag-unawa sa kultura at kabuhayan, pakikilahok sa pamamahala at pagpapahalaga sa mga mithiin ng bansang Pilipinas.
5	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkabuo ng kapuluan ng Pilipinas at mga sinaunang lipunan hanggang sa mga malalaking pagbabagong pang-ekonomiya at ang implikasyon nito sa lipunan sa simula ng ika-labing siyam na siglo, gamit ang batayang konsepto katulad ng kahalagahang pangkasaysayan (historical significance), pagpapatuloy at pagbabago, ugnayang sanhi at epekto tungo sa paglilang ng isang batayang mamamayang mapanuri, mapagmuni, responsible, produktibo, makakalikasan, makatao at makabansa at may pagpapahalaga sa mga usapin sa lipunan sa nakaraan at kasalukuyan tungo sa pagpanday ng maunlad na kinabukasan para sa bansa.
6	Naipamamalas ang patuloy na pag-unawa at pagpapahalaga sa kasaysayan ng Pilipinas mula sa ika-20 siglo hanggang sa kasalukuyan, tungo sa pagbuo ng tyak na pagkakakilanlan bilang Pilipino at mamamayan ng Pilipinas Naipamamalas ang malalim na pag-unawa sa kasaysayan ng Pilipinas base sa pagsusuri ng sipi ng mga piling primaryang sangguniang nakasulat, pasailta, awdyo-biswal at kumbinasyon ng mga ito, mula sa iba-ibang panahon, tungo sa pagbuo ng makabansang kaisipan na siyang magsisilbing basehan ng mas malawak na pananaw tungkol sa mundo
7	Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kamaayan sa heograpiya, kasaysayan, kultura, lipunan, pamahalaan at ekonomiya ng mga bansa sa rehiyon tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano at magkakatuwang na pag-unlad at pagharap sa mga hamon ng Asya
8	Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa sama-samang pagkilos at pagtugon sa mga pandaigdigang hamon sa sangkatauhan sa kabila ng malawak na pagkakaiba-iba ng heograpiya, kasaysayan, kultura, lipunan, pamahalaan at ekonomiya tungo sa pagkakaroon ng mapayapa, maunlad at matatag na kinabukasan
9	Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangunahing kaisipan at napapanahong isyu sa ekonomiks gamit ang mga kasanayan at pagpapahalaga ng mga disiplinang panlipunan tungo sa paghubog ng mamamayang mapanuri, mapagmuni, mapanagutan, makakalikasan, produktibo, makatarungan, at makataong mamamayan ng bansa at daigdig
10	Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga kontemporaryong isyu at hamong pang-ekonomiya, pangkalikasan, pampolitika, katarapatang pantao, pang-edukasyon at pananagutang sibiko at pagkalamamayan sa kinakaharap ng mga bansa sa kasalukuyang panahon gamit ang mga kasanayan sa pagsisiyasat, pagsusuri ng datos at iba't ibang sanggunian, pagsasaliksik, mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon at matatlong pagpapasya

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM					
NITALAMAN <i>(Content)</i>	PAMANTAYANG PANGNITLALAMAN <i>(Content Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGGANAP <i>(Performance Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO <i>(Learning Competencies)</i>	CODE	LEARNING MATERIALS
B. Kilusang Propaganda, Katipunan at Himagsikan (1815-1901) Rebolusyong Pilipino ng 1896 1. Ang Deklarasyon ng Kalayaan sa Kawit 2. Ang Lupang Hinirang 3. Ang Pamansang Bandila 4. Ang Pamansang Bayani 5. Ang Republika ng Malolos 6. Ang Saligang Batas ng Malolos 7. Ang Simbahang Iglesia Filipina Independiente			5. Nasusuri ang mga ginawa ng mga makabayang Pilipino sa pagkamit ng kalayaan 5.1 Natatalakay ang kilusan para sa sekularisasyon ng mga parokya at ang Cavite Mutiny (1872) 5.2 Naipaliwanag ang ambag ng Kilusang Propaganda sa pagpukaw ng damdaming makabayan ng mga Pilipino (Ihal. La Liga Filipina, Asociacion Hispano Filipino) 5.3 Natatalakay ang pagtatag at paglaganap ng Katipunan 5.4 Nahihinuha ang implikasyon ng kawalan ng pagkakaiba sa himagsikan/kilusan at pagbubuo ng Pilipinas bilang isang bansa	AP6PMK-1c-5	
			6. Nasusuri ang mga pangyayari sa himagsikan laban sa kolonyalismong Espanyol 6.1 Sigaw sa Pugad-Lawin 6.2 Tejeros Convention 6.3 Kasunduan sa Biak-na-Bato	AP6PMK-1d-6	
			7. Natatalakay ang mga ambag ni Andres Bonifacio, ang Katipunan at Himagsikan ng 1896 sa pagbubuo ng Pilipinas bilang isang bansa	AP6PMK-1e-7	
			8. Natatalakay ang partisipasyon ng mga kababaihan sa rebolusyon Pilipino	AP6PMK-1e-8	
			9. Napapahalagahan ang pagkakatatag ng Kongreso ng Malolos at ang deklarasyon ng kasarinlan ng mga Pilipino	AP6PMK-1f-9	

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM					
NILALAMAN (Content)	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTLO (Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
C. Panghihimasok ng Amerikano 1. "Battle of Manila Bay at Mock Battle of Manila" 2. Negosasyon at Pagpapatibay ng Kasunduan sa Paris 3. Pagpapahayag ng Benevolent Assimilation Proclamation 4. Pagsisimula ng digmaang Pilipino-Amerikano sa Kalye Sociego at Kalye Silencio			10. Nasusuri ang mga mahahalagang pangyayari sa pakikibaka ng mga Pilipino sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano 10.1 Natutukoy ang mga pangyayaring nagbigay daan sa digmaan ng mga Pilipino laban sa Estados Unidos 10.2 Napapahalagahan ang pangyayari sa Digmaang Pilipino-Amerikano Hal: o Unang Putok sa panulukan ng Silencio at Sociego, Sta. Mesa o Labanan sa Tirad Pass o Balangiga Massacre 10.3 Natatalakay ang Kasunduang Bates (1830-1901) at ang motibo ng pananakop ng Amerikano sa bansa sa panahon ng paglawak ng kanyang "political empire"	AP6PMK-Ig-10	MISOSA Lessons 17-21 (Grade V)
IKALAWANG MARKAHAN - Pagpupunyagi sa Panahon ng Kolonyalismong Amerikano at Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1899-1945)					
A. Pamamahala ng mga Amerikano sa Pilipinas 1. Pagbabago ng patakaran ng kalakal,	Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa sa pamamahala at mga pagbabago sa lipunang Pilipino sa panahon ng	Nakapagpapahayag ng kritikal na pagsusuri at pagpapahalaga sa konteksto, dahilan, epekto at pagbabago sa lipunan ng	1. Nasusuri ang mga pagbabago sa lipunan sa panahon ng mga Amerikano 1.1 Natatalakay ang sistema ng edukasyong ipinatutupad ng	AP6PMK-Ih-11 AP6KDP-IIa-1	

Appendix C- Survey for Historians

SURVEY

Panuto: Batay sa mga paksang nakapaloob sa kurikulum ng K-12 sa ika-anim na baitang hinihiling po na makapagbahagi po kayo ng limang pinaka mahahalagang primaryang batis. Ang mga sumusunod na inyo pong mababanggit ay magsisilbing gabay kung anong paksa sa kasaysayan ng Pilipinas ang higit na dapat pagtuonan ng mga mag-aaral sa elementarya sa pamamagitan ng malalimang pagsususri at pag-aanalisa ng mga primaryang dokumento.

Paksa sa K-12 (Grade 6)	Primaryang Batis
Teritoryo ng Pilipinas Batay sa Kasaysayan	1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____ 5. _____
Rebolusyong Pilipino ng 1896	1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____ 5. _____
Panghihimasok ng mga Amerikano	1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____ 5. _____
Pamamahala ng Kolonyalismong Hapon	1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____ 5. _____

Paksa sa K-12 (Grade 6)	Primaryang Batis
Ikatlong Republika ng Pilipinas	1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____ 5. _____
Suliranin at Hamon sa Kalayaan at Karapatang Pantao sa Batas Militar ni Ferdinand Marcos	1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____ 5. _____
Hamon ng Kasarinlan at Pagkabansa sa Kasalukuyan	1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____ 5. _____

Pangalan: _____

Designasyon: _____

Petsa: _____

Appendix D- List of Primary Sources

From Indio to Filipino: Philippine Struggle for Independence

- Aguinaldo, Emilio. 1998. *Mga Gunita ng Himagsikan*. Manila: Virtual Printer.
- Alvarez, Santiago V. 1992. *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General*.
Translated by Paula Carolina S. Malay. Quezon City: Ateneo de Manila University Press
- Arcella, Lydia. 2002. *Views on Philippine Revolution*. Quezon City: The Toyota Foundation-UP Press
